

Lugar ng Paglilinis sa Holly Park



Lugar ng Paglilinis sa Holly Park

Mga Komentong tinanggap

Abril 22 – Mayo 21, 2024

Mga Komentong isinumite

Online sa:

<https://bit.ly/Ecology-Comments-HollyPark>

O sa pamamagitan ng koreo sa:

Zak Wall, LG, Site Manager
 WA Department of Ecology
 PO Box 330316
 Shoreline, WA 98133-9716
 425-758-5231

Zak.Wall@ecy.wa.gov

Mga lokasyon ng dokumentong nasuri

<https://bit.ly/Ecology-HollyPark>

New Holly Public Library
 7058 32nd Ave S Ste 104
 Seattle, WA 98118
 206-386-1905

Ecology's NW Regional Office

15700 Dayton Ave N
 Shoreline, WA 98133
Pakitawagan para sa isang appointment:
 206-594-0000

Impormasyon ng lugar

ID ng Site ng Pasilidad: 8747316
 ID ng Lugar ng Paglilinis: 4040

Handa na ang mga dokumento para sa pampublikong pagsururi at komento

Ang Kagawaran ng Ekolohiya (Ecology) ay ang nangangasiwa ng paglilinis sa Othello Square – Lugar ng Paglilinis sa Holly Park sa kalapit na lugar ng Othelio. Community Roots Housing at HomeSight, dawalang mga non-profit na nakabase sa Seattle, ang nagsasagawa ng paglilinis. Ang Ecology ay nagbibigay ng pagpopondo para sa palilinis na ito sa pamamagitan ng aming Affordable Housing Cleanup Grant Program (Programang Kaloob sa Abot-kayang Paglilinis ng Pabahay). Tinitiyak ng programa na ito na ang mga lugar ay "nalinis ng mabuti habang nagsusulong ng paglahok ng komunidad at tinitiyak ang proseso sa abot-kayang pabahay."

Nais naming hilingin ang inyong mga komento sa mga sumusunod na dokumento:

- **Prospective Purchaser Consent Decree (Decree ng Pahintulot sa Inaasahang Mamimili, PPCD):** isang legal na kasunduan na nag-uutos sa (mga) mamimili na ipatupad ang paglilinis sa lugar at nagtatakda sa (mga) mamimili ng isang kasunduan sa pananagutan.
- **Public Participation Plan:** isang dokumento na nagpapaliwanag kung paano puwedeng lumahok ang mga tao sa proseso ng paglilinis.

May mga katanungan? Samahan kami sa open house!

Mag-drop online o nang personal sa dalawang oras na open house na ito para sa salo-salo at pag-uusap tungkol sa lugar ng paglilinis na ito. Available ang interpretasyon sa Spanish, Chinese, Vietnamese, at Tagalog.

Miyerkules, Mayo 8, 2024

(5:30pm-7:30pm)

Nang personal: Othello – UW Commons
 4200 S. Othello St. Suite 117
 Seattle, WA 98118

Nang online: Magrehistro at Sumali sa Zoom:
<https://bit.ly/Ecology-HollyPark>



Background

Ang proyektong ito ay isang partnership sa pagitan ng [Community Roots Housing](https://communityrootshousing.org/) (CRH) at [HomeSight](https://www.homesightwa.org/) (HomeSight). Ang CRH ay itinatag noong 1976 para labanan ang redlining at disinvestment sa kapitbahayan ng Capitol Hill habang nagbibigay ng mga serbisyo ng suporta sa mga residente sa buong kapitbahayan ng Seattle¹.

HomeSight ay isang Community Development Corporation at Community Development Financial Institution na nagbibigay ng edukasyon sa unang homebuyer at mga produkto ng mortgage para sa mga mahihirap na komunidad mula noong 1990².

CRH at HomeSight ay nagkaisa para likhain “Ang Oportunidad sa Sentro ng Othello Square” (Proyekto), matatagpuan sa 7315 Martin Luther King Jr Way South, Seattle, WA (Site). Ito ay isang transit-oriented, mixed-use, abot-kayang pagbuo ng pabahay na nagbibigay ng 230 na yunit ng tirahan at lugar ng komunidad. Kinabibilangan ang ilang mga highlight ng:

- Matatagpuan sa tapat ng istasyon ng Othello Light Rail
- Humigit-kumulang sa 74% ng mga yunit ay magiging abot-kaya
- Mga abot-kayang yunit ay mapepresyohan sa pagitan ng 40%-80% ng Area Median Income (Bahagi sa Pagitan ng Kita, AMI)
- Kasama sa espasyo sa unang palapag na 22,000 square feet ng community-serving, pagmamay-ari ng Black, Indigenous, and People of Color (Lahing itim, Katutubo, at Kulay batay sa Balat ng Tao, BIPOC), komersyal na espasyo na magbibigay ng access sa pang-ekonomiyang oportunidad sa pamamagitan ngedukasyon at tulong sa homebuyer, pagpapalago sa maliliit na negosyo, mga programa sa suporta sa kabataan at pamilya, mga serbisyong pinansyal, sa lugar ng pagtitipon ng komunidad


Ang pangangailangan para sa isang PPCD sa lugar na ito ay nagmumula sa makasaysayang paggamit ng ari-arian. Isa itong istasyon ng serbisyo sa retail mula noong 1940s hanggang 1979, gatungan at pasilidad sa pag-iinit ng langis mula 1960s hanggang 1994, at mayroon ding iba pang komersyal na gamit (tingi, restawran, at grocery). Ang demolisyon ng mga gusali ay naganap sa pagitan noong 2002-2005, at ang ari-arian ay bakante simula noon. Ang mga naunang operasyon na ito sa lugar ay nagresulta sa mga lugar ng kontaminasyon ng petrolyo sa lupa at tubig-bukal, ang lawak nito ay matutukoy sa panahon ng remedial investigation.



Hitsura ng lugar na makikita sa itaas

¹ <https://communityrootshousing.org/>

² <https://www.homesightwa.org/>



Konseptwal na modelo ng proyekto (Image: Weber Thompson)

Kontaminasyon

Natuklasan sa paunang mga pagsisiyasat ang lupa at tubig-bukal na kontaminado ng petrolyo. Ang tinatayang lalim ng tubig mula sa lupa ay 4 hanggang 7 talampakan sa mula sa ilalim hanggang ibabaw, na may tubig-bukal na umaagos sa hilagang-silangan.

Natagpuan ng mga pagsisiyasat ang mga sumusunod na mga kontaminasyon sa lupa at tubig-bukal:

- Gasoline-range, diesel, at heavy oil-range petroleum hydrocarbons
- Benzene, ethylbenzene, at xylenes
- Arsenic (tubig-bukal lamang) at tingga (lupa lamang)

Ang mga kontaminante na ito ay natagpuan na nakasaad sa nasabing batas sa paglilinis ng estado, ang Model Toxics Control Act (Batas na Modelo sa Pagkontrol ng mga Nakakalalason, [MTCA](#)³). Kinakailangan ng MTCA na linisin ang mga kontaminante na ito.

Bakit mahalaga ang lugar na ito

Ang paglilinis ng lugar na ito ay naging posible sa bahagi sa pamamagitan ng pagpopondo mula sa Ecology's [Affordable Housing Cleanup Grants](#)⁴.

Ang Washington ay lubhang nangangailangan ng abot-kayang pabahay sa buong estado. Ang kontaminasyon, o maging ang hinala ng kontaminasyon, ay nagpapalaki sa mga gastos sa pagbuo ng pabahay. Ang mataas na gastos ay nag-iwan ng kaunting insentibo para sa mga developer na magtayo ng abot-kayang pabahay.

Dagdag pa rito ang karaniwang mga panganib ng muling pagsasaayos, ang paglilinis ng mga kontaminadong lugar ay puwedeng isang kumplikadong proseso na may malaking panganib. Ang gastos at oras na nauugnay sa paglilinis ng isang lugar ay madalas na hindi gaanong nauunawaan; bilang resulta, maraming mga lugar ang naiwang bakante o hindi gaanong ginagamit sa loob ng maraming taon, kahit na mga dekada. Ang pagsuporta sa mga paglilinis para sa abot-kayang pabahay ay nakakatulong na matiyak na natapos na ang paglilinis, na nagpoprotekta sa kalusugan ng komunidad at sa kapaligiran.

Binuo ng Ecology ang Affordable Housing Cleanup Grant Program (Programang Kaloob para sa Abot-kayang Paglilinis ng Pabahay, AHCGP) upang tumulong sa pagsulong ng mga paglilinis sa kapaligiran para sa mga pagbuo ng abot-kayang pabahay. Puwedeng saklawin ng mga kaloob na ito ang mga gastos sa remedial na aksyon, kabilang ang pagpapalano, pagsisiyasat, at teknikal na gawaing kailangan para linisin ang mga kontaminadong lugar. Ang layunin ng AHCGP ay para mapabilis ang paglilinis at muling pagsasaayos ng mga kontaminadong lugar sa abot-kayang paggamit ng pabahay at bawasan ang epekto ng mga gastos sa paglilinis.

³ www.ecology.wa.gov/mtca

⁴ <https://ecology.wa.gov/Spills-Cleanup/Contamination-cleanup/Brownfields/Affordable-housing>

Ano ang susunod na mangyayari?

Isasaalang-alang ng ecology ang lahat ng komentong natanggap at maaaring baguhin ang mga dokumento batay sa inyong mga komento. Matapos nito, ay tatapusin na ang PPCD at Public Participation Plan, at magsisimula na ang pormal na paglilinis. Ang isang Remedial Investigation at Feasibility Study ay makukumpleto. Ang mga resulta mula sa Remedial Investigation at Feasibility Study ay hahantong sa Cleanup Action Plan. Ang mga plano ng Remedial Investigation at Feasibility Study gayundin ang Cleanup Action Plan ay magiging available para sa pampublikong pagsusuri at komento.

Proseso ng paglilinis ng ekolohiya

Ang MTCA ay ang batas sa paglilinis ng kapaligiran ng Washington. Nagbibigay ito ng mga kinakailangan para sa paglilinis ng kontaminadong lugar at nagtatakda ng mga pamantayan na nagpoprotekta sa kalusugan ng tao at sa kapaligiran. Ang ecology ay nagpapatupad ng MTCA at nangangasiwa sa mga paglilinis. Ang [Proseso ng paglilinis ng MTCA](#)⁵ ay nakumpleto sa mga hakbang (tingnan ang larawan sa ibaba) sa isang variable na timeline.



Ang pormal na proseso ng paglilinis ng Washington ([i-download ang paliwanag sa text](#))⁶

Información en español Si desea recibir una hoja informativa totalmente traducida al español, incluida información sobre una jornada de puertas abiertas con intérpretes el 8 de mayo a las 5:30 p. m., visite <http://www.bit.ly/Ecology-HollyPark>, Seattle Public Library New Holly Branch (7058 32nd Ave S Ste 104 Seattle, WA 98118), o llame al 425-533-5537 y espere a que un intérprete se una a la llamada.

有關清理工作的中文信息 如果您希望收到中文完整翻译的概况介绍, 包括 5 月 8 日下午 5:30 有口译员参加的开放日信息, 请登录 <http://www.bit.ly/Ecology-HollyPark>, 西雅图公共图书馆 (Seattle Public Library) New Holly 分馆 (7058 32nd Ave S Ste 104 Seattle, WA 98118), 或致电 425-533-5537, 等待口译员加入通话。

Impormasyon sa Tagalog Kung gusto mong makatanggap ng buong isinalin na fact sheet sa Tagalog, kabilang na ang impormasyon tungkol sa open house na may mga interpreter sa ika-8 ng Mayo ng 5:30 p.m., bisitahin ang <http://www.bit.ly/Ecology-HollyPark>, pumunta sa Seattle Public Library New Holly Branch (7058 32nd Ave S Ste 104 Seattle, WA 98118), o tumawag sa 425-533-5537 at hintayin ang isang interpreter na sumali sa tawag.

Thông tin bằng tiếng Việt Nếu quý vị muốn nhận tờ thông tin được dịch đầy đủ bằng Tiếng Việt, bao gồm thông tin về cuộc họp công cộng có thông dịch viên vào lúc 5:30 chiều ngày 8 tháng 5, vui lòng truy cập <http://www.bit.ly/Ecology-HollyPark>, đến Seattle Public Library Chi Nhánh New Holly (7058 32nd Ave S Ste 104 Seattle, WA 98118) hoặc gọi số 425-533-5537 và chờ thông dịch viên tham gia cuộc gọi.

⁵ <https://ecology.wa.gov/Spills-Cleanup/Contamination-cleanup/Cleanup-process>

⁶ <https://apps.ecology.wa.gov/publications/SummaryPages/1909166.html>

Toxics Cleanup Program
PO Box 330316
Shoreline, WA 98133

Lugar ng Paglilinis sa Holly Park

Handa na ang mga dokumento para sa pampublikong pasusuri at komento

Información en español incluida (página 4)

有關清理工作的中文信息 (見第 4 頁)

Impormasyon sa Tagalog (pahina 4)

Có thông tin bằng tiếng Việt (Trang 4)

Panahon ng Pampublikong Komento

Abril 22 – Mayo 21, 2024

<https://bit.ly/Ecology-Comments-HollyPark>

Open house – Tingnan ang Pahina 1 para sa impormasyon

Miyerkules, Mayo 8, 2024, magsisimula sa 5:30 p.m.

(magkasabay na naka-host nang personal at online)

May mga pagkain at pampalamig!

Pagiging accessible ng ADA

Para humiling ng tirahan sa Americans with Disabilities Act (Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan, ADA), makipag-ugnayan sa Ecology sa pamamagitan ng telepono sa 425-533-5537 o bisitahin ang ecology.wa.gov/Accessibility. Para sa Relay Service o TTY tumawag sa 711 o 877-833-6341.

